Delivered during the Kick Off Ceremony of the Bangsamoro Women's Commission's Women's Month Celebration
on March 02, 2020

Isti'adhah
Basmalah
Hamdalah
Musa's du'a
Amma baad

Assalamu Alaikum Warahmatullahi Wabaratuh.

Women in the Bangsamoro have many reasons to celebrate.

Sinimulan natin ang taon sa pagpasa ng Bangsamoro Women Commission Act – isang makasaysayang batas na naglalayong pagtibayin ang karapatan nating mga babae at ang papel na ating ginagampanan upang makamit ito. Umaasa tayo na simula pa lang ito ng pagrekognisa na dapat tayong maging malaking bahagi ng governace o pamamahala at policy and decision-making o pagpapasiya sa mga aspeto ng buhay na makakaapekto sa ating lahat.

And in this matter, women in the Bangsamoro are quite fortunate. Hindi na bago sa atin ang magkaroon ng mga lider mula sa mga kababaihan. Sa pamamagitan lamang ng kanilang presensya sa Bangsamoro Government, nagiging pangkaraniwan na ang pagbilang ng kababaihan sa mga matataas at mahahalagang posisyon. Nanjan sina Ma'am Aida Silongan at Atty. Raissa Jajurie na mga ministro ng Science and Technology at Social Services and Development. Mga malalaking opisina na syang susi sa economic and social empowerment ng ating mga komunidad. Lalo na sa panahon ngayon ng information technology at pagyabong ng STEM (o science, technology, engineering, and mathematics), ang kanilang posisyon ay isang magandang indikasyon na hindi maiiwan ang kababaihan sa mga development na ito.

We of course also have Ma'am Bainon Karon, in whose hands the BWC is safe, and Atty Lai Dumama who has the important role of ensuring the legality of all of acts and policies performed and issued by the Executive.

All these should not be surprising nor be seen as new.

Sa higit na 14 na siglo, pinahayag na ng Islam ang kahalagahan ng kababaihan sa komunidad at ang papel na dapat nyang gampanan para sa kanyang pamayanan.

There are many characters in Islamic history who have exemplified strength, wisdom, and critical contributions during their time – from Asiya who stood up to her notorious husband Fir'aun/The Pharaoh, to Umm ul-mu'minin or our Mother Aisha whose intelligence and outstanding memory ensured the preservation of many of the ahadith, to Shifa Abdullah a sahabah who was entrusted with monitoring the market and commercial transactions during the time of Umar ibn al-Khattab at a time when trade was the driving force of the economy of the Arab society, to Fatima al-Fihri who has established the first university in the world in Morocco.

Ang women's month ngayong Marso at international women's day sa March 8 ay magandang pagkakataon para ipaalala sa ating mga sarili na isang buong komunidad ng kababaihan at isang matatag na kasaysayan ang ating sinasandalan sa pagpapatibay ng ating karapatan at katungkulan sa pamayanan. At kampante ako na sabihin at ideklara na kasama nyo dito ang 12 na babaeng miyembro ng Parliyamento.

Maraming Salamat po at congratulations sa BWC sa tagumpay ng pagtitipon na ito.

Wassalamu alaykum…

ATTY. ANNA TARHATA BASMAN
Member of the Parliament, Bangsamoro